Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Hari na si David (Unang bahagi)

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Ang binatang si David palaging nasa panganib. Gusto ng Haring Saul na patayin siya. Si David ay naninirahan sa gubat, sa malaking kuweba, kasama niya ang apat na raan na sumusonud sa kanya.

Kung minsan, kamuntik na sila matagpuan ng mga kawal ni Haring Saul. Ngunit si David ay palaging lumipat at umisod.

Ang alila ni Saul, si Doeg, ay nagsumbong sa Hari na ang mga pari ay tumulong kay David upang siya ay makatakas.



Isang araw, hinanap ni Saul si David at lumakad patungu doon sa kuweba na naroon sila David at ang mga kasama. Sila ay nagtago doon. Si Saul ay nagisa.


Sa loob ng kuweba, madali sanang mapatay ni David si Saul. Sa halip nito, gumapang si David malapit sa hari at ginupit ang kapiraso ng kanyang suot na maluwag sa pamamagitan ng kanyang hinasang tabak. Nang umalis si Saul, tumawag si David sa kanya at sinabi, "Ito nga ginupit ko ang kapiraso ng inyong suot, at hindi kita pinatay, malaman at tingnan mo talagang walang demonyo o rebeldi sa aking kamay."

Sinabi ni Saul na kinalulungkot niya na tinakda niyang patayin si David. Ngunit hindi nagtagal, ang dating galit niya ay bumalik, at kanyang hinanda ang tatlong libong mga lalaki upang mapatay nila si David. Isang gabi, habang natulog ang mga kawal, si David at si Abishai, isa sa mga kawal ni David, ay gumapang doon sa kampo na tinutologan ni Saul.





"Linagay na ng Panginoon sa iyong mga kamay ang iyong kalaban sa araw na ito." Bumulong si Abishai kay David. "Mapasiya kayo sa akin na ako na ang maghaklas sa kanya ngayon ng aking sibat, hanggang sa lupa: at hindi ko na siya haklasin ng pangalawang bisis."


Tumanggi si David. Sa halip kinuha niya ang sibat and banga ng tubig at umalis sa kampo. Sa kabila ng kampo ay may burol, at doon si David sumigaw hanggang narinig siya ni Saul. Inulit na naman ni Saul na siya ay nagdaramdam at nakita niya na sana pinatay na siya ni David, ngunit hindi. Sa oras na iyon sinabi muli ni Saul na dinaramdam niya ang masama na gawain na pasaktan si David. Ngunit alam ni David na hindi siya makapaniwala sa mga sinasabi ni Saul.

Sa panahong ito, si Samuel ay namatay. Siya ang propeta na sinabihan ng Diyos na buhosan ng langis sa ulo si Saul ng una, sa sumonod si David bilang hari ng Israel.



Nang ang mga Pelisteo ay umataki sa Israel, si Saul ay gumawa ng masama, isang bagay na ipinagbawal ng Panginoong Diyos.

"...Ang Panginoon ay lumayo o wala na sa iyo at Siya ay naging iyong kalaban ...inalis na ng Panginoon ang kaharian sa iyong mga kamay at ibinigay na ang kapangyarihan sa iyong kapit bihay na si David. Bukas, kayo at ang inyong mga anak na lalaki ay kasama ko. Ang mga kawalan ng Israel ay ibibigay sa mga kamay ng kalaban, Pelisteo." Nang marinig ni Saul ito, siya ay natumba sa takut.



Ang mga Pelisteo ay nakipagdigmaan laban sa Israel, at ang lalaki ng Israel ay nagsitakbuhan. Pinatay ng mga Pelisteo ang mga anak ni Saul, kasali na dito si Jonathan, ang mabuting kaibigan ni David.

Si Saul ay may malaking sugat na galing sa mga mamamana. At sinabi niya sa kaniyang tagahawak ng mga baluti, AHilahin mo ang iyong tabak at itulak sa aking katawan, baka ang mga masasamang tao ay darating at sila ang magtulak ng tabak sa akin at magabuso sila sa akin.



Namatay nga si Saul at ang kaniyang mga anak na lalaki. Kinuha ng mga Pelisteo ang mga patay at isinabit ang kanilang katawan si dingding o pader ng bayan na kanilang nabihag. Ang ibang matapang na mga kawal sa Israel ay dumating at kinuha ang mga katawan, dinala so kanilang bawat bahay at sinunog ang kanilang katawan bago dinala ang tira sa Isarael.

Nang narinig ni David itong mga masamang balita, siya ay nagdalamhati and umiyak at hindi kumain hanggang gabi para ito kay Saul, para kay Jonathan na kaniyang anak na lalaki, at para sa mga tao ng Panginoon sa pagkat sila ay natumba at namatay sa tabak.

Kahit na gustong pataying si David ni Saul, si David at nagbigay ng karangalan kay Saul bilang pili ng Panginoon hanggang sa huli. Ngayon ang Panginoon ay nagbigay ng karangalan kay David, ginawa siyang hari ng Israel sa halip ni Saul.

Ang Haring si David (Part 1)

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

1 Samuel 24-31; 2 Samauel 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16